

## **MADALAS NA KATANUNGAN TUNGKOL SA PROYEKTO NG IMBAKAN NG TUBIG SA BALBOA**

### **Pangkalahatang mga Tanong**

#### ***Ano ang Proyektong Imbakan ng Tubig sa Balboa?***

Ang Komisyon ng Pamublikong Pangkalahatang Serbisyo ng San Francisco (SFPUC) ay nakikipagtulungan sa Opisina ng Kagawaran ng San Francisco ng Pag – unlad ng Ekonomiya at Patrabaho sa pagbuo ng Imbakan ng Tubig sa Balboa. Ang lugar na kinatatayuan nito ay agad na matatagpuan sa kanluran ng City College Ocean Campus, silangan ng kapitbahayan ng parke ng Westwood, at sa timog ng Mataas na Paaralan ng Archbishop Riondan. Ang lugar na ito ay ay hindi kailanman kinakailangan o ginamit para sa imbakan ng tubig, at sa kasalukuya na ay may kasamang paradahan sa ibabaw. Ang SFPUC ay naghahanap ng kasosyo sa pagpapa-unlad upang magkaloob ng pabahay na may halong – kita ng pabahay, may bukas na espasyo, at iba pang mga pasilidad ng kapitbahayan sa kanyang ari-arian sa Imbakan ng Tubig sa Balboa.

#### ***Sino ang nagmamay-ari ng Imbakan ng Tubig sa Balboa?***

Sa konteksto ng Proyekto ng Imbakan ng Tubig sa Balboa, “Imbakan ng Tubig sa Balboa” ay tumutukoy sa humigit kumulang na 17 iktarya na pag-aari ng lungsod at probinsya ng San Fransico sa pamamagitan ng SFPUC. Ang proyekto ay hindi kasama ang bahagi ng lupa na pag-aari ng Kolehiyo ng Lungsod sa kanluran ng Phelan Avenue, na naglalaman ng Multi-Used na gusali sa tabi ng paradahan.

#### ***Bakit Nangyayari ang Pag-unlad Ngayon?***

Sa pamamagitan ng pag suporta sa kamakailang dalawang Panukala, Ang Panukala K noong 2014 at ang isa pang Panukala K noong 2015, ang mga botante ng San Fransisco ay nagsabi sa Lungsod na gusto nila ang mas maraming abot-kayang pabahay na itatayo sa parehong pribado at pamublikong pag –aaring lugar. Ang Pamublikong Lupain para sa Programang Pabahay ay kinilala na, ang Imbakan ng Tubig ay isang ari-arian na kung saan maaaring makatulong upang makamit ang mga layuning ito habang nagbibigay ng pagkakataon para sa ibang pangangailangan ng komunidad tulad ng bakanting lugar at lugar sa pag-aalaga ng mga bata.

#### ***Ano na ang nagaganap dito?***

Ang Lungsod ay nagsimula nang talakayin ang mga posibilidad para sa lugan ng SFPUC Imbakan ng Tubig sa Balboa sa mga organisasyon ng komunidad, mga miyembro ng pangkalahatang publiko noong unang bahagi ng 2015. Simula noon dalawang pamublikong workshop at isang serye ng 20 pagpupulong ng Lupon ng Pagpapayo sa Komunidad (CAC) ay naganap upang talakayin ang mga parameter ng pag-unlad, mga diskarte sa outreach, at opinyon ng komunidad. Ang impormasyon tungkol sa mga nakaraang pagpupulong ng CAC ay matatagpuan sa [sf-planning.org/brcac](http://sf-planning.org/brcac) .

## **Mga Tanong Tungkol sa mga Darating na Pagpupulong ng Komunidad**

### ***Ano ang mangyayari sa darating na mga pagpupulong ng komunidad?***

Ano ang mangyayari sa darating na mga pagpupulong ng komunidad?

Tatlong ibat-ibang pangkat ng magpapag-unlad ang napili bilang mga finalists, at inanyayahang magbigay ng mga panukala sa pagpapa-unlad ng Imbakan ng Tubig sa Balboa, batay sa kanilang antas ng karanasan at napatunayang kakayahang matapos ang isang proyekto na ganito kalaki at komplikado. Ang dalawang paparating na pagpupulong ng komunidad ay magpapakilala sa panukala sa publiko para talakayin at suriin. Ang opinyon na ibinigay ng publiko ay tutulong na matukoy kung aling pangkat ng magpapa-unlad ang huling napili. Pakitandaan na ang mga pagpupulong na ito ay dinisenyo upang makakuha ng pampublikong komento upang ipaalam sa panel lamang ng pagsusuri ng panukala. Ang mga pulong na ito ay hindi isang lugar upang talakayin ang proyekto ng Imbakan ng Tubig sa Balboa ay dapat magpatuloy.

***Ano ang pagkakaiba sa pagitan ng dalawang pagpupulong?***

Ang unang pagpupulong sa ika-10 ng Hunyo ay kasama ang buhay na presentasyon ng mga magpapa-unlad , pinamamahalaang talakayan ng grupo at ang pagkakataon para sa mga kalahok na mag sumite ng nakasulat na mga komento. Para sa hindi dumalo sa Hunyo 10, ang pagtatanghal na ito ay itatala at i-broadcast sa isang kasunod na pampublikong pagpupulong ng Imbakan ng Tubig ng Balboa CAC at matatagpuan sa <http://sfwater.org/balboa/community>. Sa pagpupulong na ito mayroong taga salin ng Espanyol at Insik, inuming pampalamig, at mga aktibidad para sa mga bata.

Ang ikalawang pagpupulong ay nakabalangkas bilang pulong ng komite ng Taga-payo sa Komunidad ng Imbakan ng Tubig sa Balboa CAC. Magsisimula ito sa isang pagsisiyasat ng mga presentasyon ng mga magpapa-unlad kung saan ang taga pamahala ng CAC ay mangangasiwa ng mga talakayan at komento. Tulad ng lahat ng pagpupulong ng CAC, ang interpretasyon ng mga wika ay maaring ibigay kung hihilingin. Kung kailangan mo ng serbisyo ng interpretasyon, mangyaring humiling ng maaga hindi bababa ng 72 oras sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan kay Thomas Shanahan sa [brcac@sfgov.org](mailto:brcac@sfgov.org) o sa (415) 554-6512.

Sa lahat ng mga pulong, hihikayatin ang mga kalahok na magbigay ng nakasulat na mga komento at/o isumite ang mga ito online.

***Hindi ako makakadalo sa alinman sa mga pulong. Paano ako makakasali?***

Ang mga sipi ng mga panukala at mga video ng mga presentasyon ng mga pangkat ng magpapa-unlad ay matatagpuan sa <http://sfwater.org/balboa/community>.

Ang publiko ay hinihikayat upang tingnan ang video, suriin ang mga dokumento at isumite ang mga komento sa pamamagitan ng pagsunod sa mga tagubilin sa website.

Para sa walang access sa internet, mangyaring makipag-ugnayan kay Tom Shanahan sa (415) 554-6512 upang magsagawa ng alternatibong paraan upang ma-access ang mga panukalang presentasyon ng mga impormasyon. Ang nakasulat na mga komento tungkol sa mga panukala ay maaaring ipadala sa :

Tom Shanahan  
Office of Economic and Workforce Development  
1 Dr. Carlton B. Goodlett Place  
Room 448  
San Francisco, CA 94102

***Paano pipiliin ang mananalong magpapa-unlad? Paaano ang mga komento ng mga miyembro ng komunidad ay may papel sa pagpili?***

Ang isang panel ng pagsusuri ay binubuo ng mga kawani ng Lungsod at mga stakeholders ng kapitbahayan ang susuri at puntosan ang mga panukala. Ang mga panelists ay magiging kinatawan ng SFPUC, ang Kagawaran ng Pagpapalano, ang Opisina ng pang Ekonomiya at Magtatrabaho, ang Ahensya ng Transportasyon ng Munisipal ng San Francisco, ang Opisina ng Alkalde ng Pabahay at Pag-unlad ng Komunidad, Kolehiyo ng Lungsod ng San Francisco, at Komunidad ng Imbakan ng Tubig sa Balboa Komite ng Taga Payo.

Ang pamantayan ng pagmamarka ng mga panel ay isasaalang-alang ang pare-pareho mga panukala sa pag-unlad ng mga prinsipyo at parameter na tinutulungan ng CAC sa hugis, pati

na rin ang pag-unlad ng karanasan ng koponan, pagpapalano at pinansyal na kapasidad, ang kakayahang tumugon sa mga komento ng mga miyembro ng komunidad. Upang masuri ang kakayahang tumugon ng mga nagpapa-unlad sa komunidad, bawat koponan ay kinakailangan na magbigay ng nakasulat na mga tugon sa mga pampublikong komento tungkol sa kani-kanilang mga panukala sa pag-unlad. Ang mga tugon ng nagpapa-unlad na ito ay susuriin para sa sa mga indikasyon kung gaano kahusay na nauunawaan ng mga koponan ang mga prioridad ng komunidad at tumugon sa opinyon. Sa sandaling makumpleto ng panel ang proseso ng pagsusuri nito, inirerekomenda ng panel ang pangkat ng pagpapaunlad na may pinaka mataas na puntos sa SFPUC, na kung saan magiging responsable para sa pagpapatunay ng mga resulta na ito.

***Maaari bang baguhin ng nanalong nagpapa-unlad ang plano nito batay sa opinyon mula sa komunidad?***

Oo. Ang opinyon ng komunidad na natanggap sa panahon ng proseso ng pagsusuri ay gagabay sa panalong panukala dahil ito ay mahusay. Gayunpaman, ang mga pagpupulong ng Hunyo ay hindi magiging daan para sa mga nagpapa-unlad na tumugon sa mga tiyak na mungkahi o gumawa ng mga particular na pagbabago. Ito ay magaganap pagkatapos mapili ang nagpapa-unlad sa isang serye ng mga talakayang mga workshops.

***Kailan pipiliin ang mananalong magpapa-unlad?***

Ang proseso ng pagpili sa magpapa-unlad ay inaasahang magtatapos sa panahon ng fall 2017.

***Paano ako mananatiling kasangkot sa proyektong ito sa sandaling napili ang magpapa-unlad?***

Ang pagpili ng magpapa-unlad ay simula lamang ng proseso ng multi-taon na dapat mangyari bago ang plano ng pag-unlad ay tinapos at sangayunan. Sa panahong ito, ang Komunidad ng Tambakan ng Tubig sa Balboa Komite ng Pagpapayo (BRCAC) ay patuloy na maglilingkod sa pangunahing lugar para sa pampublikong impormasyon at opinyon. Upang makatanggap ng mga hinaharap na anunsyo tungkol sa mga pulong ng BRCAC, bisitahin ang <http://sf-planning.org/brcac> at pindutin ang “Manatiling Alam” (Stay Informed) sa taas ng kanang sulok ng pahina.